



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Ispesyal na Isyu
Disyembre 26, 2009
www.philippinerevolution.net

Pagsikapang kamtin ang malaking pagsulong sa digmang bayan para sa bagong demokrasya


Komite Sentral

Partido Komunista ng Pilipinas

Buong kagalakan nating ipinagdiriwang ngayong araw ang ika-41 aniversario ng pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas bilang rebolusyonaryong abanteng destakamento ng proletaryadong Pilipino sa teoretikong gabay ng Marxism-Leninismo-Maoismo.

Lubos tayong nasisiyahan sa mga malaon na at bagong tagumpay na nakamit ng proletaryado at sambayanang Pilipino sa pamumuno ng Partido sa pagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Sinasalduuhan at binabati natin ang lahat ng ating mga cadre at kasapi at iniuukol natin ang pinakamataas na parangal sa ating mga rebolusyonaryong martir at bayani sa paghahawan nila ng daan para makamit ang mga tagumpay natin.

Malaon na nating napatunayan na sa pagtalima sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan ay yugtu-yugto nating mapalalakas ang mga rebolusyonaryong pwersa ng sambayanang Pilipino. Sambayanang Pilipino ay pinakamalakas na rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino sa buong kasaysayan ng Pilipinas mula noong rebolusyon ng 1896.



Lumakas at sumulong tayo sa pamamagitan mismo ng pursigido at masugid na rebolusyonaryong armando ng pakikibaka laban sa bawat rehimeng kontra-rebolusyonaryong karahasan na idinirehe at sinuportahan ng imperyalismong US. Nakapanaig tayo sa 14 na taon ng pasistang diktadurang Marcos at lahat ng sumunod na rehimeng nagpanggap na liberal demokratiko ngunit masyado namang antinasyunal at anti-demokratiko.

Ganap na hahamakin ng kasaysayan ang kasalukuyang rehimeng Arroyo dahil sa malulubhang krimen nito sa bayan. Bigung-bigo ito sa pantasyang durugin o pawalang-saysay ang rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan. Hindi lamang tayo nanaig at nakapag-preserba ng mga pwersa laban sa mga kampanya ng panunupil ng kaaway, lumakas din tayo at nagkamit ng dumadagundong na mga tagumpay.

Makalipas ang mahigit 40 taon ng matagumpay na digmang bayan, pinakamahalaga para sa atin ngayon na ideklara ang ating kapasyahang magsikap sa susunod na limang taon na kamtin ang malaking pagsu-

long mula sa yugto ng estratehikong depensiba tungo sa estratehikong pagkapatas, nang tinutugunan ang lahat ng reksito at walang yugtong nilalaktawan. Makakaasa tayo sa malalaki pang rebolusyonaryong posibilidad sa susunod na sampung taon kung matagumpay nating maisasakatuparan ang mga tungkulin at plano sa susunod na limang taon.

Nakabatay sa tatlong salik ang ating rebolusyonaryong optimismo. Una rito ang tuluy-tuloy na paglala ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, na saklot ngayon ng pinakamalubhang krisis mula noong Malaking Depresyon (Great Depression). Ikalawa ang bumibilis na paglala ng krisis at pagkabulok ng nag-haharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Ikatlo ang mga rebolusyonaryong pwersa ng sambayanan na pinamumunuan ng Partido na di hamak na mas malakas ngayon kaysa noong magsimula ang digmang bayan noong 1969 at may sapat na pwersa at kritikal na lakas para tupdin ang mga tungkulin at plano para sumulong mula sa estratehikong depensiba tungo sa estratehikong pagkapatas ng digmang bayan.

Pandaigdigang sistemang kapitalista na saklot ng depresyon

Sadlak sa pang-ekonomyang depresyon ang pandaigdigang sistemang kapitalista. Ang krisis sa ekonomya at pinansya ay parang salot na kumalat sa buong daigdig mula sa mga imperyalistang bansa. Ang mga atrasadong bansa ang dumanas ng pinakamatinding sosyo-ekonomikong pinsala. Ngunit pinalalabas pa rin ng mga imperyalistang kapangyarihan at mga tagasunod nila na ang sitwasyon ay resesyon lamang at lagi pa rin nilang sinasabi na tanda ng pagbawi ang anumang pagsirit sa pamilihang pampinansya.

Ang krisis ng sobrang produksyon ay nagtutuluy-tuloy at pinalalala pa ng krisis sa pinansya. Patuloy ang pagbabawas ng produksyon o pagsasara ng mga pagawaan. Patuloy na dinaranas ng mga manggagawa at magsasaka at maging ng mga panggitnang saray ng lipunan ang pagkawala ng trabaho at tira-han, pagbaba ng kita, nagtataasang presyo ng mga batayang bilihin at serbisyon ng panlipunan at pagsahol ng imparastruktureng panlipunan. Tumataas ang antas ng pagsasamantala at pang-aapi sa buong mundo.

Ginagamit ng US at iba pang estadong imperyalista ang pon-

dong pampubliko para sagipin ang malalaking bangko at korporasyon sa industriyang militar at sektor ng serbisyo. Lumilikha ng bago at mas malalaking bula sa pinansya ang paggamit sa pondo ng estado para pautangin at subsidyuhan ang monopolyong burgesya, laluna ang oligarkiya sa pinansya. Ang salapi ay ginagamit lamang para palakin ang tubo sa mga libro de kuenta ng malalaking korporasyong pampinansya at industriyal at hindi nagreresulta sa tunay na pagbawi ng ekonomya sa usapin ng pag-

likha ng empleyo at pagpapalaki ng produksyon at konsumo.

Ang kasalukuyang krisis sa ekonomya at pinansya ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay bunga ng paulit-ulit, bumibilis at nagpapatung-patong na mga krisis mula nang kaharapin ng monopolyong burgesya at kanilang mga tagagawa ng patakaran sa ekonomya ang sabayang pag-iral ng istagnasyon at implasyon bunga ng rekonstruksyon ng mga bansang imperyalista na sinalanta ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ng nag-iibayong kumpetisyong inter-imperialista, lumalaking gastos sa Cold War at mga gerang agresyon at ng lumalalang krisis ng sobrang produksyon sa pandaigdigang sistemang kapitalista.

Mula noon, isinisi na ng mga imperyalistang estadong pinangungunahan ng US sa masang anak-pawis ang istagplasyon dahil umano sa sinasabi nilang pagtaas ng sahod¹ at labis na panlipunang gastos ng gubyerno. Kasabay nito,

¹ Pinalalabas ng burgesya na ang pagtaas ng sahod ay siyang salik sa likod ng implasyon o pagtaas ng presyo ng mga bilihin.


pinagtatakpan nila ang mga gastos sa Cold War, laluna sa produksyong militar, pagpapakat ng mga pwersang militar sa ibang bansa at mga gerang agresyon.

Noong sumunod na mga dekada, pinagtibay at ipinatupad nila ang patakaran ng pagpapako sa pasahod, pagbabawas sa gastos panlipunan, pribatisasyon ng mga pag-aaring publiko, liberalisasyon ng pamumuhunan at kalakalan, pagbabasura sa mga regulasyon at denasyunalisasyon ng ekonomya ng mga atrasadong bansa. Pinabwelo nila ang walang rendang käsibaan ng mga impreyalistang bangko at empresa para hututan ang mamamayan ng daigdig. Gayon, pinahina at pinakitid nila ang pamilihang daigdig nang higit sa kayang tabingan at itago ng pagpautang.

Dahil ilang dekada nang umiral, malalim na ang inabot ng patakaran ng globalisasyong "neoliberal" o globalisasyon ng "malayang pamilihan" at nagdulot na ito ng laganap na pinsalang panlipunan sa saklaw ng buong mundo. Ito pa rin ang dominanteng kaisipan sa mga tagagawa ng patakaran ng mga estadong impreyalista. Nag-silbi ito una sa lahat sa malalaking bangko at korporasyon laban sa kahilingan ng mamamayan para sa pagbawi ng ekonomya, trabaho, panlipunang ayuda at rehabilitasyon. Kaya ang kasalukuyang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay patuloy na lumalala at magpapatuloy pa sa mahabang panahon.

Ipinapasa ng monopolyong

burgesa ang bigat ng krisis sa masang anakpawis sa mga bansa nilang impreyalista pero lalo't higit sa mga nasa atrasadong bansa. Patuloy pang pumpiga ng sobrang tubo ang mga impreyalistang kapangyarihan at kanilang mga papet mula sa mga isinubso na ng krisis. Kaya nakikita natin ngayon ang panimulang mga palatandaan ng paglaban ng mamamayan kapwa sa mga impreyalista at atrasadong bansa.



Sa mga impreyalistang bansa, naglulunsad ang monopolyong burgesya ng mabangis na makauring pakikitunggali sa proletaryado at itinutulak nito ang proletaryado na lumaban sa pamamagitan ng pagsulong ng makatarungang panig ng tunggaliang makauri. Lalo pa itong nag-sisikap na han-

tiin at lituhin ang masang anakpawis sa pamamagitan ng pang-uupat ng isteryang "anti-terorista," sobinismo, rasismo, pasismo, panatissimo sa relihiyon at panunulsol laban sa mga migrante. Gayunman, tunitindig ang mga rebolusyonaryong partido at kilusan upang ilantad ang mga ugat ng krisis ng monopolyong kapitalismo at pukawin ang masang anakpawis para mag-sulong ng makauring pakikitunggali.

Ang mga bayang dumaranas ng pinag-iibayong pagsasamantala at pang-aapi ay nagsusulong ng iba't ibang anyo ng paglaban sa mga impreyalistang kapangyarihan at mga

lokal nilang papet. Ang mga bini-biktimang agresyong impreyalista ay nagsusulong ng armadong paglaban para sa pambansang paglaya, katulad sa Iraq, Afghanistan, Pakistan, Palestine at Lebanon. Lumalakas at sumusulong ang mga kilusan para sa pambansang paglaya na pinamumunuan ng mga Maoista at iba pang rebolusyonaryong partido tulad sa India, Pilipinas, Nepal, Turkey, Peru at Colombia.

May ilang gubyerno tulad ng sa North Korea, Cuba, Venezuela at Bolivia na naninindigan laban sa impreyalismo at naggigiit ng pambansang kasarinlan bilang tugon sa sigaw ng mamamayan na labanan ang impreyalismo at ang pinakamasamang reaksyunaryong ahente nito. Ang mga gubyernong tulad ng sa China at Russia ay nagsisikap na makipagsabwan sa alyansa ng mga impreyalistang bansang pinamumunuan ng US habang nakikipagtulungan din sa Iran at iba pang gubyernong pinapatawan ng embargo ng US at mga impreyalistang alyado nito.

Nagkakaisa pa rin ang mga impreyalistang kapangyarihan sa pang-aapi sa mga mamamayan at bansa sa mundo at sa pagpapasa sa kanila ng bigat ng krisis. Ngunit itinutulak din sila ng impreyalistang kasakiman at ng krisis para magkumpitensyahan at magtunggali sa labanan para muling paghati-hatiang mundo para sa mga mapagkukunan ng hilaw na matoryales at murang paggawa, mga pamilihan, mapaglalagakan ng puhanan, saklaw ng impluwensya at estratehikong lugar ng kontrol.²

Bunga ng ganap na panunumbalik ng kapitalismo sa mga bansang dating pinagharian ng mga rebisyunistang rehimen, nadagdag ang Russia at China sa hanay ng malalaking kapitalistang kapangya-

² Lugar o instalasyon na kung makokontrol ay makapagpipihit ng takbo ng gera o mga operasyon

rihan at lalong sumikip and mundo para sa inter-imperialistang kumpetisyon. Itinulak ng US ang NATO na magpalawak hanggang sa hangganan ng Russia at magbantang kontrolin ito na malaking pinagkukunan ng langis, gas at iba pang estratehikong hilaw na materyales. Bagamat ang China ang kinikilalang pinakamalaking katuwang ng US sa ilalim ng patakarang globalisasyon ng "malayang pamilihan," lumalaki ang mga kontradiksyon sa pagitan nila sa mga mayor na usapin.

Ang pagkakanulo sa sosyalismo bunga ng paglitaw ng modernong rebisyunismo at ganap na panunumbalik ng kapitalismo sa mga bansang dating pinagharian ng mga rebisyunista ay gumanap ng malaking papel sa pagtindi ng inter-imperialistang kontradiksyon at paglikha ng mga kundisyon para sa mga gerang agresyon at paggamit ng mga armas nukleyar at iba pang sandatang panlipol. Tila walang makapipigil sa mga banta ng imperyalismo sa mismong buhay ng sangkatauhan. Subalit epektibo silang malalabanan ng rebolusyonaryong kilusang masa ng mamamayan, ng mga rebolusyonaryong gera sibil at mga digmang bayan para sa pambansang paglaya.

Gayon na lamang kaagresibo ang US at ang NATO kaya nakadarama ng banta ang China at Russia at dahil dito'y pinauunlad nila ang Shanghai Cooperation Organization para maging makapangyarihang blokeng panseguridad. Halos lahat ng rehiyon sa mundo tulad ng Middle East, Central Asia, South Asia, East Asia, Balkans, Eastern Europe, Latin America at Africa ay nalulukuban ng peligrong magkagera.

Ang pagtindi ng mga inter-imperialistang kontradiksyon ay humantong na sa mga gerang agresyon at interbensyong militar, tulad sa Balkans, Africa, Central at South Asia at sa Middle East. Isinagawa ang mga ito sa inisyatiba ng US, mga kaalyado nito sa NATO at mga mayor nitong kapanalig sa UN Security Council. Ang walang kabusugang paginanasa ng US at ng pina-

kamalalapit nitong alyado sa NATO na solo hin ang pinagkukunan ng langis at iba pang hilaw na materyales at ipailalim sa kanila ang Russia at China ay gu-mugulo sa balanse ng pwersa sa hanay ng mga imperialistang kapangyarihan.

Ang mga imperialistang kapangyarihan ay hibang na nananalakay at nandarambong ng mga likas na yaman at gayo'y sumasalanta sa lipunan at kalikasan. Ang mga gerang agresyon ay nagbunsod ng maraming kaswalti sa mamamayan, pagkawasak ng imparastruktureng panlipunan at polusyon ng kapaligiran dulot ng paggamit ng mga panlipol na sandatang *radioactive*³ at nakalalason. Ang walang habas na pandarambong ng mga hayok na monopolyo sa likas na kayamanan ay mayor na salik sa pagkasira ng kalikasan na nagbubunsod ng mas mapaminsala pang mga bagyo, pagbaha, tagtuyot at iba pang sakuna.

Ang mga imperialistang kapangyarihan ang pinakamalaking sumisira at nagpaparumi sa kapaligiran sa walang habas nilang pagdambong at pag-abuso sa likas na kayamanan ng mundo. Kunwa'y nababahala sila sa pagkasira ng kapaligiran at problema ng pag-init ng mundo para mailihis ang pansiñ sa mga problema ng panlipunang pagsasamantala, paggawa ng mga sandatang panlipol at mga gerang agresyon. Isinasangkalan nila ang isyu ng kalikasan at pag-init ng mundo para mapag-ibayo pa ang imperialistang kontrol at pagsasamantala sa yaman ng mundo.

Napipinto ang mas malalaki pang kaguluhang panlipunan at pampolitika sa lahat ng kontinente at sa halos lahat ng bansa. Bawat taon, ang US ay patuloy na daranas ng krisis sa ekonyoma at mahihigop pa-punta sa mga bagong kumunoy ng agresyon at interbensyong militar. Ito ay mga kundisyong paborable sa mga rebolusyonaryong pwersa ng sambayanang Pilipino sa pagsusulong ng digmang bayan para sa bagong demokrasya mula sa yugto ng estratehikong depensi-ba tungo sa estratehikong pagkapatás.

Bumibilis na pagkabulok ng lokal na naghaharing sistema

Sa bigat ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at sanhi ng mga panloob na kahinaan, bumibilis ang pagkabulok ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa mga usaping pang-ekonyoma, panlipunan, pampolitika at pangkultura. Ang bulok at mapang-aping naghaharing sistema na nasa palagiang krisis ay hinog na hinog na para ibagsak at palitan ng demokratikong sistemang bayan.

³ Mga sandatang nagsasabog ng mga kemikal na pinagmumulan ng mapanganib na radiation, kadalasa'y basura mula sa mga plantang nukleyar.

Lubhang nabaluktot at lalo pang naging tagibang ang ekonyoma ng Pilipinas dahil sa imperialistang patakarang globalisasyon ng "malayang pamilihan." Agraryo at malapyudal sa kalakhan ang ekonyoma pero hindi lumilikha ng sapat na pagkain para sa mamamayan. Resulta ito ng pagtatambak ng sobrang produktong agrikultural ng mga imperialistang bansa at ilang karatig bansa. Pwersado itong magbawas ng produksyon ng pagkain para bigyang-daan ang

produksyon ng ilang komersyal na pananim para ieksport at magsilbi sa layunin ng imperyalistang kontrol.

Ang mga yamang agrikultural, mineral, gubat at dagat ng ating bansa ay iniluluwas nang mabilisan at sa mas mabababang presyo. Hindi pinauunlad ang ekonomya sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon at reforma sa lupa. Patuloy ang tagibang na palitan ng iniluluwas na hilaw na materyales at ng inaangkat na mga yaring produkto. Dinadambong ang likas na kayamanan ng bansa habang nagluluhang-buwaya ang mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo sa kawalan ng kaunlaran at pagkasira ng kapaligiran.

Ang kinikita sa muling pag-eksport ng mga mala-manupakturang mababa ang dagdag-halaga at pag-eksport ng murang paggawa ay hindi sapat para punan ang lumalaking depisit sa *balance of payments*. Kaya naman patuloy ang paglaki ng panlabas na utang. Ang lumiit na demand para sa hilaw na materyales, mala-manupaktura at dayuhang manggagawang kontraktwal ay nagdudulot ng pang-ekonomya at panlipunang kapinsalaan sa Pilipinas.

Ang masang anakpawis at manging ang mga nasa panggitnang saray ay tinatamaan ng tumataas na tantos ng disempleado, maluhang pagbagsak ng kita at nagtaasang presyo ng mga batayang bilihin at serbisyong panlipunan. Lumalaki ang pasaning buwis gayong sadsad ang ekonomya at sumasahol ang mga imprastruktura at serbisyong panlipunan. Kalakhan ng badyet ng gubyno ay nilalaman ng pagbabayad sa utang (hulog sa interes at prinsipal) at mga gastusing militar. Ginagatungan ng laganap na pagdurusa at diskuntento ang mga ligal na protestang masa at ang digmang bayan laban sa pagsasamantala at pang-aapi.

Sumusunod ang rehimeng Arroyo sa patakaran ng pandaigdigang teroristang gera ng US at inilunsad nito ang Oplan Bantay Laya mula 2001 upang sindakin at atakehin ang malawak na masa ng sambayanan, laluna ang mga ligal na pwersang oposisyon at mga rebolusyonaryong pwersa. Lansakan at sistematiko nitong nilalabag ang kapatang-tao ng mga manggagawa at magsasaka gayundin ng mga aktibistang panlipunan mula sa hanay ng kababaihan at kabataan, mga propesyunal at mga taong-simbahang. Bunga nito, ang rehimen ay nahihiwalay sa loob at labas ng bansa dahil sa sariling kagagawan at sa galit at paglaban ng mamayahan.

Naghahasik ang estado ng terorismong suportado ng US gamit ang kumbinasyon ng mga ahensyang militar, paramilitar at pulis at mga pribadong hukbo at ahensyang panseguridad para mambuwag ng mga unyon at welga at magpalayas ng milyun-milyong mag-sasaka at pambansang minorya mula sa kanilang mga tahanan at sakahan. Ang pagmasaker ng may 60 katao sa Ampatuan sa loob ng wala pang isang oras ay sumisimbolo sa mga krimeng malawakang isinasagawa ng pinagsama-samang pwersang militar, pulis at paramilitar para sa marahas at tiwaling rehimen at tanda ng lummalang karahasan ng ribalan sa politika ng mga reaksyunaryong pulitiko sa pambansa at lokal na antas.


Nakahayan laban sa rehimeng Arroyo ang malawak na masa ng sambayanan at ang malawak na nagkakaisang prente ng mga pwer-

sang oposisyon. Tumagal na ng ilang taon ang sigaw para patalsikin ang naghaharing pangkating Arroyo dahil sa pagpapakatuta, katiwalian, kalupitan at kasinungalingan nito. Ngunit lalu't lalong ginagamit ng pangkatin ang mga pamwersang makinarya ng estado para supilin ang mga kritiko nito at ang paglaban ng mamayahan. Marami sa mga kalaban nito ay maaasa lamang na magkamit ng hustisya kapag napatalsik na sa poder ang pangkating ito.

Gayunman, sa tangkang unahan ang mga asunto sa maluluhbang krimen nito sa bayan, desperadong ginagamit ng pangkating Arroyo ang mga rekursong estado para mandaya sa eleksyon at maghasik ng terorismo. Laganap ang pangamba na nagbabalak itong mag-deklara ng batas militar sa buong bansa o sa ilang susing rehiyon gamit na sangkalan ang kabiguan ng eleksyon at gayo'y makapamatili sa poder. Gagatungan lamang nito ang paglaban ng mamayahan kapag tinahak nito ang landas ng pasistang diktadurang katulad ng kay Marcos.

Anu't anuman, ang pam-pulitikang krisis ng naghaharing sistema ay lumuluhang sanhi ng pang-ekonomya at panlipunang krisis.

Lalo pang tumitindi at naging marahas ang mga kontradicyon sa hanay ng mga reaksyunaryo. Alinmang pangkating reaksyunaryo ang makakuha ng kapanyarihan ay malamang na sumolo sa makukurakot at gumamit sa marahas na instrumento ng estado para supilin ang oposisyon sa



loob ng sistema at ang rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan.

Ang mga mayor na partido at koalisyon pangpolitika na maglalaban-laban sa eleksyon 2010, maliban sa Makabayan, ay umiiwas o sumasalungat pa nga sa pambansang kasarinlan at tunay na demokrasyang hinihiling ng bayan at hindi bumabatikos o nagtatakwil sa globalisasyon ng "malayang pamilihan" at sa teroristang patakarang sulsol ng US laban sa mamamayan. Ayaw bitiwan ng partidong Lakas-Kampi ng naghaharing pangkatin ang sira na nitong mga patakarang antinasyunal at anti-demokratiko. Ang mga mayor namang partido ng oposisyon, tulad ng Liberal Party at Partido ng Masang Pilipino ay nag-tutuon sa pagkukunwaring para si-la sa mabuting pamamahala para dumistansya sa kahiya-hiyang katiwalian ng rehimeng Arroyo.

Alinmang pangkating reaksyunaryo ang makakuha ng kapangyarihan sa prosesong elektoral ay di makaiwas na sumunod din sa landas na tinahak ng rehimeng Arroyo. Hahawakan nito ang poder sa dikta ng US at mga lokal na nagsasaman-talang uri at gagamitin nito ang kapangyarihan para magpayaman at ipakat ang mga pamwersang makinarya ng estado para supilin ang oposisyon.

Sa apat na mayor na kandidato sa pagkapresidente, tila si dating Senate President Villar ang pinakapatriyotiko at pinakaprogresibo pagdating sa pagtaguyod niya sa interes ng mga negosyanteng Pilipino, pagpapahayag ng simpatya sa mga manggagawa at magsasaka at pagkundena sa mga paglabag sa karapatang-tao. Gayunman, wala pang katiyakan kung kaya ba niyang manalo at patunayang mas mainam siya sa mga nangunguna niyang karibal sa pulitika na may duguang mga rekord ng pagkontra sa mga ipinaglalaban ng manggagawa at magsasaka, tulad ni Aqui-

no na kilala sa isyu ng Hacienda Luisita, Teodoro na ulol na asong kalihim sa depensa ni Arroyo at Estrada na may rekord ng hilig sa away noong panahon ng naunsyami niyang pagkapangulo.

Sa kasaysayan ng malakolonyal at malapayudal na naghaharing sistema, bawat naging presidente ay nanikluhod sa kapangyarihan ng imperyalismong US at nagsikap magkamal ng yaman at kapangyarihan para sa sariling kapakanan laban sa mga karapatan at interes ng bayan. Wala pang presidenteng nagkaroon ng pampolitikang kapasyahang magpatupad ng makabuluhang mga repermang tumutugon sa pambansang kasarinlan at tunay na demokrasyang hinihiling ng mamamayan o gumamit sa usa-pang pangkapayapaan para makipagkasundo sa rebolusyonaryong kilusan para sa mga repermang panlipunan, pang-ekonomya at pampolitika bilang tuntungan sa pagkakamit ng makatarungang kapayapaan.

Maaasahan natin na alinmang bagong reaksyunaryong naghaharing pangkatin ang manalo sa eleksyon 2010, iyon ay patuloy na magpapataw ng mga tiranikong hakbangin sa pamamagitan ng pagpapalabas na ang mga gawaing rebolusyonaryo ay ordinaryong kri-men, gawaing terorista o "rebel-yong wedeng parusahan ng habambahay na pagkakakulong" at gayo'y di wedeng pyansahan. Maglulunsad iyon ng mga kampanya ng panunupil militar laban sa mga rebolusyonaryong pwersa ng sambayanang Pilipino kabilang ang sa Bangsamoro. Magpapanggap lamang iyon na para sa usapang pangkapayapaan at magtatangkang gamitin ito hindi para makipagkasundo sa National Democratic Front of the Philippines ukol sa mga saligang reperma kundi para lamang linlangin at lituhin ang bayan at durugin ang rebolusyonaryong ki-

lusan.

Ang bagong pangkating maghahari ay obligadong patuloy na pumayag na magpakat ang US ng mga tropang militar sa Pilipinas alinsunod sa US-RP Mutual Defense Pact at Visiting Forces Agreement at ayon sa iba't ibang sangkalan, kabilang ang tinaguriang anti-terorismo, antidroga, interbensyong makatao, aksyon sibiko, saklolo sa mga sakuna, misyong medikal at iba pa. Inilalatag na ang tuntungan para sa papalaking interbensyong militar at tahasang agreysyon, sa pangunahin para kunwa'y labanan ang terorismo habang binabansagang "terorista" ang mga rebolusyonaryong Pilipino at Bangsamoro.

Ang bagong papasok na naghaharing pangkatin ay maoobliga ng lumulubhang krisis ng naghaharing sistema na pag-ibayuhin ang kontra-rebolusyonaryong dasas o maghabol ng tigil-putukan o pakikipag-alyansa sa mga rebolusyonaryong pwersa laban sa US at pinakamasasahol na lokal na reaksyunaryo kung sa simula pa lamang ay lumakas ang rebolusyonaryong kilusan, magdulot ng mga pamatay na bigwas sa mahihinang bahagi ng naghaharing sistema at sumulong tungo sa bago at mas mataas na antas ng pag-unlad.

Lubos nating masasamantala ang sosyo-ekonomiko at pampolitikang krisis ng naghaharing sistema para makapagpalakas, mailunsad ang lahat ng anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka at makagawa ng malalaking pagsulong sa ating digmang bayan. Makakamit lamang natin ang pambansa at panlipunang kalayaan kung magkakaroon ng kapangyarihan ang bayan para tupdin iyon. Makakamit lamang ang kapangyarihang bayan sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa imperyalismong US at mga lokal na nagsasamantalang uri.

Kasalukuyang tuntungan at mga tungkulin para sa malaking pagsulong

Nang itatag ito noong 1968, ang Partido Komunista ng Pilipinas ay mayroon lamang ilampung cadre at kasapi at ilanlibong aktibista sa iba't ibang tipo ng organisasyong masa. Ngunit mula noon, napamunuuan natin, bilang isang Partido, ang rebolusyonaryong kilusang masa at hakbang-hakbang itong napalaki mula sa maliit at mahina tungo sa malaki at malakas dahil nasamantala natin ang mainam na obhetibong kalagayan para sa pagrerebolusyon at ipinatupad natin ang wastong linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Sinunod natin ang pang-ideolohiyang linya ng Marxism-Leninismo-Maoismo, ang pampulitikang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at ang pang-organisasyong linya ng demokratikong sentralismo. Nakaipon tayo ng mayamang karanasan at maaasahang kaalaman, lumakas tayo sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at nagkamit tayo ng malakang tagumpay sa pagsusulong ng lahat ng anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Ang kasalukuyang lahatang-pa-nig na lakas natin bilang Partido ang siya nating tuntungan sa pagtupad sa ating mga tungkulin at plano para isulong ang bagong demokratikong rebolusyon at ang digmang bayan mula sa yugto ng estratehikong depensiba tungo sa estratehikong pagkapatás sa susunod na limang taon.

Libu-libo ang cadre at kasapi ng Partido na may kakayahan sa gawain sa edukasyong teoretiko at pampulitika. Mapalalaganap nila ang teorya ng Marxism-Leninismo-Maoismo at ang mga akda natin hinggil sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas. Mapangungunahan nila ang batayan, intermedya at abanteng antas ng edukasyong pam-Partido saan man kakayanin sa kalunsuran at kanayunan. Matitiyak nilang nasasapol ng mga kasapi ng Partido ang Marxist-Leninistang paninindigan, pa-

nanaw at pamamaraan. Makapag-papaunlad sila ng mga cadreng makapamumuno sa iba't ibang antas ng organisasyon ng Partido at sa iba't ibang larangan ng gawain.

Dapat tayong magbalangkas at magpatupad ng planong pang-edukasyon na magluluwal ng sapat na mga cadre at kasapi ng Partido na kayang mamuno sa gawain mula sa batayang antas pataas at may kapasyahan ng magbuo at magpaunlad ng Partido at mga organisasyong masa sa mga lugar na wala pa nito. Sa pagpaparami ng mga cadre at kasapi ng Partido na aral at hasa sa Marxism-Leninismo-Maoismo, lalo pang titibay at magkakamit ng tagumpay ang ating Partido.


Dapat tayong magkaroon ng kumprehensibong pampulitikang plano para palawakin at patatagin ang rebolusyonaryong kilusang masa kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Sa layuning ito, mayroon tayong ilampung libong cadre at kasapi ng Partido na mangunguna sa gawaing masa. Ang tungkulin nila ay pukawin, organisahin at pakilusin ang masang anakpawis at iba pang mamamayan alinsunod sa linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pama-

magitan ng matagalang digmang bayan. Mayroon tayong malawak at malalim na baseng masang binubuo ng milyun-milyong mamamayan sa buong bansa.

Makasusulong tayo nang palun-alon mula sa kasalukuyan na ting baseng masa. Pinamumunuan ng mga lokal na sangay at namumunong komite ng Partido ang mga organisasyong masa. Maitatayo ang mga ito bago pa ang pagpapalawak ng BHB. Hinahawan nila ang daan para sa BHB at sa pagtatayo ng pansamantala at kalauna'y regular na mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Anu't anuman, ang Partido sa loob ng BHB ay pwedeng magtalaga ng mga pangkat ng Pulang mandirigma para sa gawaing masa.

Taglay ng ating Partido ang BHB bilang pangunahin ni-tong organisasyon sa paglaban sa kaaway, pagpupundar ng kilusang masa sa kanayunan, pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at pagpapalakas sa saligang alyansa ng uring manggagawa at magasasa ka. Mayroon tayong libu-libong Pulang kumander at mandirigma na may kakayahang magkamit ng di hamak na mas maraming tagumpay kaysa orihinal na 60 Pulang mandirigma natin noong 1969.

Ang Partido natin ay nasa puno at bag-as ng BHB. Lumalaki ito kasabay ng paglawak ng BHB at tinihiyak nito ang konsolidasyon ng BHB. Nagrerekrut tayo para sa Partido mula sa hanay ng mga Pulang mandirigma at mga aktibistang masa. Dapat nating pag-ibayuhin ang



pagrerekrut at pulitiko-militar na pagsasanay ng mga Pulang mandirigma sa pamumuno ng ating Partido.

Dapat tayong magkaroon ng plano sa pagpaparami ng mga Pulang kumander at mandirigma, mga yunit ng BHB at mga larangang gerilya mula sa humigit-kumulang 120 tungong 180 upang masaklaw ang mga distritong kongresyunal at magkaroon ng kakayahang mag-deploy ng mga yunit ng armadong partisano sa kalunsuran ng mga distritong kongresyunal. Magagawa ang pagpaparami ng mga larangang gerilya sa paraan at bilis ng paghalaw ng lalas ng mga panimulang yunit ng BHB (maging tim, iskwad o platun man) mula sa baseng masa sa mga pinalalawakang lugar.

Ang proseso ng pagpapalawak tungo sa nilalayong 180 larangang gerilya ay hahantong sa paglakas ng Partido at BHB sa antas ng larangang gerilya (distrito), prubinsya at rehiyon. Uusbong ang relatibong matatatag na base sa iba't ibang lawak ng territoryo, depende sa paglaki ng Partido, BHB at baseng masa at mga organo ng kapangyarihang pampolitika at syempre para aktwal na pagkadurog at pagkalsag ng kapangyarihang pampolitika ng kaaway sa mga lokalidad.

Dapat tayong patuloy na maglunsad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Dapat nating pag-ibayuhin ang ating mga taktikal na opensiba habang pinalalawak at pinalalalim ang ating baseng masa. Syempre, magrereaksyon ang mga pwersang kaaway sa pamamagitan ng pagkonsentra sa mga larangang gerilya kung saan tinataya nilang malakas tayo at paglulunsad ng mababangis na kampanya ng panunupil. Ngunit dahil lubhang limitado ang mga pwersa ng kaaway sa pambansa at panrehiyon saklaw, mapanghaha-

wakan natin ang inisyatiba sa pamamagitan ng pleksibleng mga taktika ng konsentrasyon para mag-opensiba, paglipat para umiwas sa kaaway at dispersal para maggawaing masa.

Ang Komisyong Militar ng Komite Sentral ang responsable sa pagtatakda at pag-iisyu ng pinaka-estratehikong mga tagubilin at plano. Bawat antas ng kumand sa operasyon ay dapat magbigay ng kinakailangang impormasyon at mga rekomendasyon gayundin ng mga pidbak sa kani-kanilang naka-tataas na organo. Sa loob ng kani-kanilang territoryo, pwede silang magbalangkas at mag-isyu ng partikular na mga tagubilin at planong pang-operasyon para sa mga taktikal na opensibang nakatuon sa pagsalakay sa mahihinang bahagi ng kaaway at pagsamsam ng armas sa proseso.

Ang mga armas para sa mga bagong yunit ng BHB sa antas-distrito, prubinsya at rehiyon ay dapat pangunahing kunin sa kaaway sa pamamagitan ng mga ambus, reyd at iba pang operasyon. Bibilis ang pananamsam ng armas sa kaaway kapag nag-ibayo ang inisyatiba, koordinasyon at pagtutulungan ng mga yunit ng BHB sa antas-prubinsya at rehiyon.

Para kayanin ng BHB na maglunsad ng mga kampanya ng opensiba na maiikli lamang ang pahinga, dapat magkaroon ng papalawak na baseng masa kung saan ang mga organisasyong masa at mga lokal na organo ng kapangyarihang pampolitika ay kayang magsagawa ng mga kampanya at partikular na mga aktibidad para mapabuti ang mga usaping panlipunan, pang-ekonomya, pangkalusugan at pangkultura ng mamamayan.

Dapat ipatupad nang husto ang kampanya para sa reforma sa lupa upang makuha ang matibay na supporta ng mga maralitang magsasaka, manggagawang bukid at maba-

bang panggitnang magsasaka. Ang minimum na programa ng reforma sa lupa ay maaaring itaas sa maksimum na antas depende sa lalas ng BHB at kilusang magsasaka. Dapat isulong nang husto ang kampanya ng pag-oorganisa sa masa, edukasyon publiko, pagpapataas ng produksyon, pangangalaga sa kalusugan, depensa, gawaing pangkultura at pag-areglo sa mga alitan sa hanay ng mamamayan.

Ang milisyang bayan ay dapat gumanap ng mga tungkuling pamulis at ang mga organisasyong masa ay dapat magsanay ng mga yunit na mangangasiwa sa depensa. Makapagpapalakas lamang ang BHB sa pagkakaroon ng di hamak na mas maraming tao sa mga yunit milisya at pananggol na makapag-silbing pwersang pandagdag at reserba. Ang mga panlarangan, pamprubinsya at panrehiyon yunit ng BHB, na nagsisilbing mga sentro de grabidad at/o pwersang panlaban, ay makakikilos nang mas mabilis at magiging mas epektibo sa tulong ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika, organisasyong masa, lokal na yunit gerilya, milisyang bayan at yunit pananggol sa kani-kanilang saklaw.

Tulad ng lumitaw sa implemasyon ng OBL at mga nagdaang pambansang plano sa operasyon ng kaaway, limitado ang bilang ng pwersang kaaway na nagagamit sa mga kampanya ng panunupil laban sa BHB sa kanayunan kung ihambing sa populasyon ng buong bansa. Hindi nito kayang sumaklaw ng mahigit 10% ng kalupaan sa bawat takdang panahon. Kaya naman nakabubwelo ang BHB sa mahigit 90% ng territoryo ng Pilipinas. Ang bilang ng mga napakikilos ng kaaway sa labanan ay nalilimitahan pa ng nag-iibayong militansa ng kilusang masa sa kalunsuran at ng patayang tunggalian ng mga reaksyunaryo sa anyo ng mga bantang kudeta at kontrakudeta laban sa

isa't isa.

Makukuha ng BHB ang inisyatiba sa pagpapaunlad ng armadong partisanong pakikidigmang lunsod at paglulunsad ng mga ispesyal na operasyon laban sa mga pasilidad ng kaaway at mga kontra-mamamayang empresa upang mapwersa ang kaaway na magbantay at ilagay sa katayuang dependisbo ang mas maraming tropa nito. Ang kilos ng mga yunit ng kaaway ay pwedeng antalain ng mga operasyon *sapper, mine warfare, pang-iisnayp* at iba pang operasyon pangmaliit na yunit. Mistulang mga kurot lamang ito pero may malawak na epektong pandemoralisa sa mga tropa ng kaaway.

Dapat gawing target ng pag-aresto ng BHB ang mga luma-labag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas at sa kodigo penal ng demokratikong gubyernong bayan. Dapat itong kumilos para lansagin ang mga napakamapagsamantalang plantasyon, empresa ng pagtrotosong pang-eksport, pagmina at iba pang operasyon nang-aagaw ng lupa sa mamamayan at sumisira sa kapaligiran. Ang paglalansag ay magagawa sa pamamagitan ng pag-sira sa kagamitan, paghadlang sa pagpasok ng mga nangangasiwa at paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga armadong gwardya. Dapat dagdagan ang mga lupaing inilalaan sa reforma sa lupa at produksyon ng pagkain.

Noong unang dekada ng pagpapalawak ng Partido mula 1968 hanggang 1977, binuo at ginamit ng ating Komite Sentral ang mga panrehiyon ng komite ng Partido bilang susing kasangkapan sa pag-oorganisa ng Partido, BHB at armadong rebolusyonaryong kilusang masa sa buong bansa. Dapat palakasin ng kasalukuyang mga komiteng panrehiyon ng Partido ang kanilang sarili at ang mga komiteng pamprubinsya na tuwirang nakapailalim sa kanila. Dapat namang palakasin ng mga komiteng pandistrito ang mga komiteng munisipal at seksyon na tuwirang nasa ilalim nila. Dapat nating isaisip na kapag ang isang nakatataas na antas ng liderato ng Partido ay nagpupunyaging palakasin ang kasunod na nakabababang antas, ang napalalakas sa bandang huli ay ang salalayan ng Partido.

Dapat tayong magkaroon ng pang-organisasyong plano para magparami ng mga cadre at kasapi ng Partido sa layuning kamtin ang malaking pagsulong mula sa estratehikong depensiba patungong estratehi-

kong pagkapatas. Kailangan natin ng di kukulangin sa 200,000 kasapi ng Partido para rito.

Dapat tayong lumagay sa bag-as ng hukbong bayan at mamuno sa gawain sa lokalidad mula sa antas-baryo pataas at sa mga organisasyong masa, empre-sang pang-ekonomya at institusyon pangkultura. Ang pang-organisasyong lakas na nais nating ipundar para sa malaking pagsulong sa susunod na limang taon ang magsisilbing pundasyon sa mas malalaki pang pagsulong sa limang taon pang susunod.

May malawak tayong mapagrerekrutan para sa Partido. Kabilang dito ang hukbong bayan at mga organisasyong masa. Mula sa mga ito, dapat bigyang-diin ng ating Partido ang pagrerekrut ng mga abanteng aktibis-tang masa ng uring manggagawa, magsasaka at petiburgesyang lunsod. Sa paalun-along pagsulong, dapat nat-ing tiyakin na taglay natin ang pangmasang lakas at iba't ibang tipo ng kakayahang pangkadre na kailangan para ma-ipagtugon ang rebolusyon.

Dapat nating mapagpanibagon-hubog at pandayin ang mga cadre at kasapi ng ating Partido sa pamamagitan ng rebolusyonaryong edukasyon, pagpupunyagi at puspusang pakikibaka kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Dapat nating hi-kayatin ang mga manggaga-wa at nakapag-atal na kabataan na maglingkod sa hukbong bayan at sa kanayunan. Kailangan natin sa kanayunan ang pinaka-mulat at pinakamahuhusay na proletaryong rebolusyonaryo upang maisulong ang digmang bayan at makapaghanda sa pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika sa bandang huli.

Tiwala tayo na matutugunan natin ang mga rekis-tong pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisa-syon para makamit ng ating Partido ang malaking pag-sulong mula sa estratehikong depensiba tungo sa estratehikong pagkapatas sa susunod na limang taon. Dapat nating sagpangin ang bawat sandali, bawat araw at bawat linggo para tupdin ang mga plano at tungkuling nakatalaga sa atin.

Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at lokal na naghaharing sistema, at ang pagdurusa at sigaw ng bayan na isulong ang bagong demokratikong rebolusyon patungo sa sosyalismo at komunismo ay nag-uudyok sa atin na gawin at kamtin ang ating ma-kakaya sa bawat yugto ng pakikibaka.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Ispesyal na Isyu
Disyembre 26, 2009
www.philippinerevolution.net

Pagsikapang kamtin ang malaking pagsulong sa digmang bayan para sa bagong demokrasya


Komite Sentral

Partido Komunista ng Pilipinas

Buong kagalakan nating ipinagdiriwang ngayong araw ang ika-41 aniversario ng pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas bilang rebolusyonaryong abanteng destakamento ng proletaryadong Pilipino sa teoretikong gabay ng Marxism-Leninismo-Maoismo.

Lubos tayong nasisiyahan sa mga malaon na at bagong tagumpay na nakamit ng proletaryado at sambayanang Pilipino sa pamumuno ng Partido sa pagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Sinasalduuhan at binabati natin ang lahat ng ating mga cadre at kasapi at iniuukol natin ang pinakamataas na parangal sa ating mga rebolusyonaryong martir at bayani sa paghahawan nila ng daan para makamit ang mga tagumpay natin.

Malaon na nating napatunayan na sa pagtalima sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan ay yugtu-yugto nating mapalalakas ang mga rebolusyonaryong pwersa ng sambayanang Pilipino. Sambayanang Pilipino ay mapangingibabawan ang brutal na mga kampanya ng panunupil na pinakakawalan ng imperialisong US at mga lokal na nagsasamantalang uring malalaking kumprador at panginoong maylupa. Sa proseso, naitatag na natin sa ngayon ang pinakamalaki at pinakamalakas na rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino sa buong kasaysayan ng Pilipinas mula noong rebolusyon 1896.



Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com